WIDA Alternate Access
Pag-unawa sa Kahulugan ng mga Score ng Iyong Anak

Score sa Indibidwal na Larangan ng Estudyante	
Pakikinig	3
Pagsasalita	4
Pagbabasa	3
Pagsusulat	4
Pangkalahatang Antas sa Katatasan ng Estudyante	4

Halimbawa mula sa Indibidwal na Ulat ng Estudyante (Individual Student Report)

Ang Alternate ACCESS ay isang pagsusulit sa katatasan sa wikang Ingles na sumusukat sa mga kakayahan sa wikang Ingles ng mga estudyante na may pinakakapansin-pansing kapansanan sa pag-unawa.

Ipinapakita ng Indibidwal na Ulat ng Estudyante ang Alternate ACCESS sa mga **Score sa Indibidwal na Larangan** (Individual Domain Score) ng iyong anak sa apat na larangan ng wika ng

- Pakikinig
- Pagsasalita
- Pagbabasa
- Pagsusulat

Ang **Pangkalahatang Antas ng Katatasan** (Overall Proficiency Level) ay isang kalkulasyon na batay sa mga score sa lahat ng apat na larangan ng wika. Ang score sa Pangkalahatang Antas ng Katatasan ay pangunahing natutukoy sa pamamagitan ng mga score sa pagbabasa at Pagsusulat at tumutulong sa paaralan na malaman kung kailangan ng iyong anak na magpatuloy sa mga serbisyo ng pag-aaral ng Ingles.

Inilalagay ng mga score sa antas ng katatasan ang mga kasalukuyang kakayahan ng iyong anak sa loob ng limang **Alternate Access ng Katatasan sa Wikang Ingles.** (Walang kaugnayan ang mga antas ng katatasan sa grade level ng iyong anak)

Sa ilalim ng mga score ng iyong anak, isinama ng WIDA ang ilang aktibidad na kayang gawin ng isang karaniwang estudyante na nasa antas ng katatasan na katulad ng sa iyong anak.

Mga Alternatibong Antas ng Katatasan (Proficiency Levels o PL) sa Wikang Ingles				
1 Papasok (Entering)	2 Umuusbong (Emerging)	3 Humuhusay (Developing)	4 Lumalawak (Expanding)	5 Papatawid (Bridging)

Halimbawa mula sa Indibidwal na Ulat ng Estudyante ng Mga Alternatibong Antas ng Katatasan sa Wikang Ingles ng isang estudyante sa apat na larangan ng wika.

Ano ang dapat kong susunod na gawin ?

- Sa Indibidwal na Ulat ng Estudyante ng iyong anak, may isang seksyon na may mga mungkahi tungkol sa kung paano mo magagamit ang impormasyong ito para tulungan ang iyong anak.
- Kontakin ang guro ng iyong anak kung mayroon kang anumang tanong.

WIDA™
UNIVERSITY OF WISCONSIN-MADISON
wida.wisc.edu
Ang WIDA ay matatagpuan sa Sentro ng Edukasyon ng Wisconsin sa Unibersidad ng Wisconsij-Madison.
© 2024 Lupon ng mga Nangangasiwa ng Unibersidad ng Wisconsin System, sa ngalan ng WIDA

Ang Alternate ACCESS sa Indibidwal na Ulat ng Estudyante ng WIDA ay naiiba sa taon na ito

Bakit naiiba ang score report sa taon na ito ?

Binago ng WIDA ang disenyo ng Alternate ACCESS para mas mabuting ma-assess ang katatasan ng iyong anak sa wikang Ingles. Tumutulong ito sa guro at paaralan ng iyong anak na makapagbigay ng wastong suporta habang nagpapatuloy ang iyong anak sa kanyang pagsulong sa wikang Ingles.

Ano ang naiiba tungkol sa score report sa taon na ito ?

- Hina-highlight ng version na ito ng Indibidwal na Ulat ng Estudyante ang impormasyon na pinakamahalagang malaman ng mga pamilya.
- Ipinapakita nito ang na-update na Mga Alternatibong Antas ng Katatasan sa Wikang Ingles.
  - Binatay ang na-update na mga antas ng katatasan sa aming mga bagong Pamantayan sa Pagsulong sa Wikang Ingles (English Language Development Standards)—ang mga pamantayan kung saan ibinatay ang muling dinisenyong Alternate ACCESS.
  - Isa lang itong sukatan ng kung ano ang magagawa ng iyong anak. Makipag-usap sa guro ng iyong anak tungkol sa kanyang pag-unlad sa wikang Ingles.

WIDA™
UNIVERSITY OF WISCONSIN-MADISON

wida.wisc.edu
Ang WIDA ay matatagpuan sa Sentro ng Edukasyon ng Wisconsin sa Unibersidad ng Wisconsij-Madison.
© 2024 Lupon ng mga Nangangasiwa ng Unibersidad ng Wisconsin System, sa ngalan ng WIDA